Ano ang aming ginagawa

Ang Fair Work Ombudsman ay namamahala sa mga batas ng Australya sa lugar ng trabaho.

Ang aming mga serbisyo ay libre para sa lahat ng mga empleyado at tagapag-empleyo.

Kami ay:

- nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga batas ng Australya sa lugar ng trabaho
- tumutulong sa mga empleyado at mga tagapag-empleyo na malaman ang tungkol sa kanilang mga karapatan at mga obligasyon
- nagtatasa at nagsisiyasat kung sinusunod nga ang mga batas sa lugar ng trabaho
- ipatutupad ang mga batas sa lugar ng trabaho kung ito ay hindi sinusunod.

Ang Fair Work Ombudsman ay nagpapatrabaho sa mga Inspektor ng Fair Work upang itaguyod at subaybayan ang pagsunod sa mga batas sa lugar-trabaho. Ang mga Inspektor ng Fair Work ay may ilang mga kapangyarihan upang isagawa ang kanilang tungkulin. Kabilang sa mga ito ang kapangyarihan upang:

- pasukin ang mga lugar-trabaho,
- mag-inspekt at kapanayamin ang mga tao
- hingin ang mga rekord.

Basahin ang higit pa tungkol sa mga kapangyarihan ng mga Inspektor ng Fair Work (DOCX 27.6KB) (https://www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/731/filipino-powers-of-fair-work-inspectors.docx.aspx) (PDF 241.8KB) (https://www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/731/filipino-powers-of-fair-work-inspectors.pdf.aspx) .

Ang Fair Work Ombudsman ay narito upang tumulong sa iyo. Ang isang empleyado ay hindi malalagay sa alanganin dahil sa pakikipag-ugnayan sa Fair Work Ombudsman upang humingi ng impormasyon tungkol sa kanilang suweldo o iba pang mga karapatan.

Pinahahalagahan namin ang iyong feedback at mga reklamo

Ang iyong feedback ay tumutulong sa aming pagbutihin ang aming mga serbisyo. Ang mga Patakaran sa Feedback at mga Reklamo (DOCX 61.5KB) (www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/731/Filipino-Feedback-and-Complaints.docx.aspx) (PDF 65.7KB) (www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/731/Filipino-Feedback-and-Complaints.pdf.aspx) (Feedback ang Complaints Policy) ay nagpapaliwanag kung paano namin pinamamahalaan ang feedback at mga reklamo ng mga customer.

Maaari mong ibigay sa amin ang iyong feedback tungkol sa aming mga serbisyo sa pamamagitan ng pagkumpleto ng aming pormularyo ng Feedback (www.fairwork.gov.au/contact-us/online-enquiries/feedback#provide-feedback-or-request-a-review) .

Page reference No: 7182

Contact us

Fair Work Online: www.fairwork.gov.au
Fair Work Infoline: 13 13 94
Need language help?
Contact the Translating and Interpreting Service (TIS) on 13 14 50
Hearing & speech assistance
Call through the National Relay Service (NRS):
For TTY: 13 36 77. Ask for the Fair Work Infoline 13 13 94
Speak & Listen: 1300 555 727. Ask for the Fair Work Infoline 13 13 94

The Fair Work Ombudsman is committed to providing advice that you can rely on. The information contained on this website is general in nature. If you are unsure about how it applies to your situation you can call our Infoline on 13 13 94 or speak with a union, industry association or workplace relations professional. Visitors are warned that this site may inadvertently contain names or pictures of Aboriginal and Torres Strait Islander people who have recently died.